
【タガログ語】

# Para sa nagdurusa dahil sa Ikarahasang ginagawa ng asawa o ng iba pang tao






## Chiba Police

# ～Mga mai-reresponde ng pulis～

## Kung gustong mag-file ng victim's report

Batay sa victim's report, puwedeng tanggapin bilang criminal case ang karahasan at iba pang ginawa ng asawa o ng iba pang tao sa pamamagitan ng pagkukulong sa kanila.

## Kung gustong tumakas kahit saan

Para iwasan ang karahasan ng asawa o ng iba pang tao, maaari kang tulungan sa iyong pagpasok sa pansamantalang matitirahan(shelter o iba pa) o di kaya'y ililipat ka sa organisasyong tumutulong sa pagsasarili.

## Kung gustong humiling ng pagbibigay ng babala para hindi dumanas ng karahasan

Kung humiling ka ng "pagbibigay ng babala para sa asawa o sa sino mang tao, upang hindi na maulit ang karahasang ginagawa". Ang pulis ay maaaring magbigay ng payo o babala sa mga taong ito.

## Kung ayaw ipaalam ang pansamantalang tirahan

Kung wasto at aaprubahan ang iyong kahilingan, hindi na tatanggapin ang request ng missing person.

## At iba pa…

- ○ Sistema ng Protection Order na ipagbawal ang paglapit sa iyo ng iyong asawa o ng iba pang tao
- ○ May mga organisasyon na may kaalaman sa pagtulong sa mga biktima ng Domestic Violence

# Upang hindi na muling maging biktima

## Huwag mong ipagwalang bahala ang iyong mapanganib na sitwasyon

May pangyayaring hindi na maibalik bilang isang kaso dahil hindi tumakas ang biktima kahit paulit-ulit na dumaranas ng karahasan habang siya'y nagdadalawang isip kung magpa-file ng victim's report o hindi.

○ Kaya ko pa namang pagtiisan ang ganitong klase ng karahasan
○ OK lang dahil palagi itong nangyayari
○ Mabait naman siya kung hindi nakakainom
○ Kung magtitiis na lang ako・・・

Kaya't huwag mong ipagwalang bahala ang mga sitwasyong ito.

Hindi madaling baguhin ang ugaling marahas.

## Unahin ang kaligtasan at kumilos nang maaga

Kapag naumpisahan ang karahasan, ito ay maaaring lumubha. Pinakamahalaga ang kaligtasan ng buhay mo at gawin mo nang mas maaga ang hakbang katulad ng pag-file ng case o pansamantalang pagtakas(shelter o hindi niya alam na bahay ng kamag-anak at ng iba pang tao).

## Humingi ng tulong sa kamag-anak o kaibigan

Huwag kang magdusa nang mag-isa. Humingi ka ng tulong sa kamag-anak o kaibigan na unang nag-aalala para sa iyong kabutihan.

## Ang mga nararapat mong gawin

○ Para sa pag-file ng victim's report, itala mo ang petsa, oras, lugar, sitwasyon at iba pang bagay tungkol sa karahasang ginawa sa iyo at itabi mo ang medical certificate.

○ Bibigyan ka ng Protection Order laban sa pagbabanta sa iyong buhay, katawan, kalayaan, karangalan at ari-arian. Kaya, itala mo ang nilalaman ng mga pangyayaring iyan (i-save ang text, sulat at iba pa).

○ Para sa hakbang sa pamamagitan ng Anti-Stalking Act, gawin ang pag-save ng nilalaman ng tawag/text o record ng natanggap na tawag at ipa ba. Itala mo ang sitwasyon ng pagstalk.

【タガログ語】

# Sistema ng Protection Order

## Ano ang Protection Order?

Pagkatapos ng karahasang ginawa ng asawa o ng iba pang tao, o di kaya'y pananakot sa buhay at iba pa, ang kautusan ay isasagawa ng hukuman batay sa petisiyon ng biktima kung may posibilidad na magkakaroon ng malubhang pinsala sa iyong katawan o kaisipan dahil sa patuloy na karahasan o pananakot.

## Hihilingan ng Protection Order

District Court na may hawak ng tinitirahan/bahay ng humihiling o nang-aabuso, o di kaya'y pinangyarihan ng karahasan o pananakot.

## Paglalabas ng Protection Order dahil sa naganap na karahasan

○ Karahasang ginawa ng asawa o ng iba pang tao sa iyong katawan

○ Pananakot sa buhay, katawan, kalayaan, karangalan at ari-arian.

## Uri ng Protection Order

○ Kautusan para lisanin ang lugar o pook (kadalasan, valid for two months, six months maximum)

- Pag-uutos sa asawa o sa iba pang tao para lisanin ang tirahan kung saan magkasama sila ng biktima

○ Kautusang nagbabawal sa paglapit (valid for one year)

- Kautusang nagbabawal sa paglapit sa iyo
- Kautusang nagbabawal sa paglapit sa kasambahay na menor de edad
- Kautusang nagbabawal sa paglapit sa iyong kamag-anak
- Kautusang nagbabawal sa pagtawag o pagpapadala ng text at iba pa sa iyo o sa iyong anak

Ang lumabag sa Protection Order ay paparusahan ng pagkabilanggo nang hindi hihigit sa dalawang taon o multang hindi hihigit sa dalawang milyong yen.

| Memo |
|---|
| Kung gusto ninyong kumonsulta sa pulis, tumawag kayo sa pinakamalapit na pulis. |